VIII- Trabaho, Buwis at Pagapapadala ng Pera sa Ibang Bansa

VIII-1 Paghahanap ng Trabaho

1. Kapag Maghahanap ng Trabaho

Hello Work (Public Employment Security Offices o "*Shokogyu Anteisho" at kilala rin sa tawag na "Shoku-an")*

Ang Public Employment Security Offices o Hello Work ay isang pampublikong sistema na nagbibigay ng libreng konsultasyon tungkol sa paghahanap at pagbibigay ng trabaho sa bansang Hapon. Ang mga dayuhang may hawak na "working visa" dito sa bansang Hapon at pati mga Hapones ay maaari ring kumonsulta dito para sa paghahanap ng trabaho.

Ang Osaka Employment Service Center for Foreigners sa Umeda. Osaka Employment Service Center for Foreigners ng Sakai ay may mga interpreter sa wikang-Ingles, Portugese, Kastila, at Intsik. (Kailangang tumawag muna para sa reserbasyon o iskedyul)

(⇒Nasa Ⅷ-4 87 ang listahan)

URL http://www.osaka-rodo.go.jp/

※Ang wikang Ingles ay sa Osaka Employment Service Center for Foreigners lamang.

Mga babasahing may patalastas ng mga bakanteng trabaho

Ang mga patalastas (advertisement) tungkol sa mga bakanteng trabaho ay makikita o mababasa sa mga dyaryo, magasin at notisya na nakapaskil sa ibat-ibang lugar. Ganoon din sa mga magasin at diyaryong inilathala sa wikang-banyaga ay may mga mababasa ring impormasyon tungkol sa mga nag-aalok ng trabaho o "job offer". May makikita rin sa internet tungkol sa mga impormasyon tungkol sa "job offer".

2. Paghahanap ng Trabaho para sa mga Estudyanteng Taga-Ibang Bansa

Sa pagkakataon na balak magtrabaho ng isang estudyanteng taga-ibang bansa na nakapagtapos na sa pag-aaral, kinakailangan niyang palitan o baguhin ang kanyang student visa at gawin itong working visa para makapagtrabaho sa bansang Hapon. Ang Osaka Employment Service Center for Foreigners ay naghahandog din ng konsultasyon tungkol sa istatus ng visa at iba pang bagay na may kaugnayan dito.

Osaka Employment Service Center for Foreigners (⇒NasaⅨ-4 87 ang listahan)

URL http://www.osaka-rodo.go.jp/hw/gaisen/

3. Trabaho sa mga Espesyialista o Pang-teknikal na Trabaho

Bukod sa mga serbisyong nabanggit, ang Osaka Employment Service Center for Foreigners ay mayroon ding konsultasyon para sa mga dayuhang may permiso sa pananatili (visa) na naghahanap ng trabahong pang-teknikal o pang-ispesyalista tulad ng Engineer, Specialist sa Humanities/International Services at Skilled Labor.